Parliament of Victoria

# Ikaw ay may edad na 60 taon pataas?

## O may kakilala kang nasa ganitong edad?

Ang Parlyamento ng Victoria ay nagsasagawa ng pagtatanong tungkol sa suporta para sa matatandang taga-Victoria mula sa mga komunidad na magkakaiba ang kultura at nais makarinig mula sa iyo.

Hinihikayat ka namin na ibahagi ang iyong mga ideya at mga karanasan tungkol sa mga makakatulong sa iyong mabuhay nang masaya, kasama ang:

- Ano ang ilan sa pang-araw-araw na mga hamon para sa iyo at sa iyong mga magulang/lolo't lola?
- Sa pakiramdam mo ba ay ligtas ka sa iyong komunidad?
- Alam mo ba kung saan ka makakahanap ng suporta?
- Paano pagbubutihin ang mga serbisyo?
- Mayroon ka bang access sa kompyuter, at alam mo ba kung paano gumamit nito?
- Ano ang ginagawa mo upang manatili kang aktibo sa lipunan at aktibo ang pangangatawan at isipan?

Maaari mong isumite ang iyong mga ideya gamit ang iyong piniling wika. Maaari mong piliin na:

- sumulat ng liham o mag-email
- magkumpleto ng aming survey, o
- mag-record ng video.

Ang iyong pagsumite ay pagbabatayan ng mga rekomendasyon sa Pamahalaang Victoria kung paano mas mahusay na suportahan ang matatandang mga taga-Victoria na nagmula sa magkakaibang kultura.

Ang mga pagsusumite ay maaaring ipadala hanggang sa ika-31 ng Enero 2022.

## Alamin ang higit pa

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa parliament.vic.gov.au/oldervictorians.

Kung mayroon kang anumang katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa amin sa pamamagitan ng email oldervictoriansinquiry@parliament.vic.gov.au o tumawag sa (03) 8682 2843.

Lahat ng mga pagsusumite ay ituturing na mga pampublikong dokumento ngunit maaari mong hilingin na ituring itong kompidensiyal. Ang iyong personal na impormasyon ay hindi ilalathala o ibabahagi sa ibang mga ahensya ng gobyerno.

